

Regulasyon sa Pagpigilat Pagkontrol ng Sakit (Sapilitang Pagsusuri sa mga Piling Tao) (Cap.599J)

Abiso ng Sapilitang Pagsusuri

Ginawa ng Pamahalaan ang Cap. 599J, na nagtatalaga ng legal na balangkas para sa Pamahalaan na tukuyin sa pamamagitan ng abiso ng sapilitang pagsusuri na inilathala sa Gazette, ang kategorya o deskripsyon ng mga tao na kinakailangang sumailalim sa pagsusuri para sa COVID-19, ayon na rin sa mga kasalukuyang pangyayari sa epidemya. Kabilang sa mga halimbawa ang mga tao na nasa mga tukoy na lugar kung saan may pagkalat ng kaso, at mga mataas na antas ng panganib o mga grupo na may mataas na antas ng pagkalantad (tulad ng mga tao ng isang particular na trabaho.



Deklarasyon ng paghihigpit sa pagsusuri

Bukod dito, Ang Cap. 599J ay nagbibigay ng ligal na balangkas para sa Gobyerno na, alinsunod sa mga pangangailangan ng pagkontrol sa impeksyon, paghihigpitan ang paggalaw ng mga taong napapailalim sa sapilitang pagsusuri, o selyuhan ang mga lugar na may lumaganap na epidemya hanggang sa ang lahat ng mga tao sa mga nasasakupang lugar ay sumailalim sa pagsusuri at matiyak ang mga resulta ng pagsusuri.

Kung kinakailangan, tulad ng kung may hinalang kontaminasyon sa kapaligiran sa lugar na siyang nagdaragdag ng mga panganib sa impeksyon ng mga tao roon, maaaring ilipat ng Gobyerno ang mga tao sa lugar sa isang itinalagang lugar upang maghintay sa resulta ng pagsusuri na may pagsasaalang-alang sa sitwasyon, o ipadala sila sa mga quarantine center para sa sapilitang quarantine sa ilalim ng umiiral na pamamaraan.

Mga Panuntunan na Ipinalabas ng mga rehistradong tagapagsanay sa medisina

Karagdagan pa, ang Pamahalaan ay maaring tukuyin sa pamamagitan ng abiso na ilalathala sa Gazette ang bilang ng araw na hindi lalampas sa 14 na araw, kung saan ang mga tukoy na tagapagsanay sa medisina ay maaaring iatas sa isang tao na sinususpetyahang nagkaroon ng COVID-19 na sumailalim sa pagsusuri sa pamamagitan ng pagsusulat ng direktiba na ibibigay sa nasabing tao.

Ang mga tao na sasaulalim sa naturang pagsusura ay maaaring pumili sa mga nasa ilalim:

- 1 Ang gumamit ng mga bote para sa specimen na ibibigay ng rehistradong tagapagsanay sa medisina na nagbigay ng direktiba ng sapilitang pagsusuri na mangolekta ng specimen ng laway mula sa malalim na parte ng lalamunan at isumite ang bote ng specimen sa isa sa mga itinalagang lugar ng pangongolekta ng Pamahalaan sa mga klinika ng DH at HA sa araw ng pagsusuri. Pagkatapos iulat ang kaso sa DH, ang mga rehistradong tagapagsanay sa medisina na nagbigay ng direktiba ay bibigyang abiso ng resulta ng pagsusuri; o
- 2 Ang pagsasaayos ng sariling pagsusuri na ibinibigay ng mga pribadong laboratoryo na kinikilala ng DH sa huling araw ng pagsusuri at isumite ang resulta ng pagsusuri sa tagapagsanay sa medisina na nagbigay ng direktiba ng sapilitang pagsusuri o sa mga kawani ng kanyang klinika sa pamamagitan ng email, fax, o nakaimprentang resulta sa loob ng apat na araw pagkatapos ng huling araw ng pagsusuri.

<https://www.coronavirus.gov.hk/eng/compulsory-testing.html>



Ang sinumang hindi sumunod sa compulsory testing ay tinuturing na lumalabag. Ang pinakamataas na parusa kapag napatunayan sa pagkakasala ay \$10,000. Ang kasunduang parusa sa pagpapawalang-sala ay \$5,000. Sila rin ay papadalhan ng compulsory testing order na sinasabing kailangan nilang sumailalim sa pag-testing sa loob ng itinakdang panahon. Ang hindi pagsunod sa kautusan ay tinuturing na paglabag at ang lumabag ay kinakailangang magbayad ng piyansang nasa ika-4 na antas (\$25,000) at pagkakulong ng hanggang anim na buwan.

Ang sinumang taong lumabag sa isang deklarasyon ng paghihigpit sa pagsusuri o isang atas na mailipat sa isang itinalagang lugar ay nagkakaroon ng isang pagkakasala at maaaring managot sa pinakamataas na multa sa ika-4 na antas(\$ 25,000) at pagkabilanggo ng anim na buwan.



Kung ang mga taong kinakailangang sumailalim ng sapilitang pagsusuri ay mayroong mga sintomas, kailangan nilang sumangguni ng agarang medikal na atensyon at sumailalim sa pagsusuri ayon sa tagubilin ng medical na propesyunal. Hindi sila dapat magtungo sa mga Sentro para sa Pagsusuri sa Komunidad o mga pansamantalang istasyon na syang para sa mga taong walang sintomas. Ang mga taong sumailalim sa pagsusuri ay pinapayuhang manatili sa kanilang tahanan at iwasang lumabas habang hinihintay ang resulta ng pagsusuri.

Para sa mga detalye, bumisita sa <https://www.coronavirus.gov.hk/eng/compulsory-testing.html>

